Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:6

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 13, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... Kagawad – **Pangulo /Liga ng mga Barangay** |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 138-T2009**

**KAPASIYAHANG IDINEDEKLARANG NASA ESTADO NG KALAMIDAD ANG BARANGAY SAN PABLO NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA DAHILAN SA HAGUPIT NG HANGIN AT ULANG DULOT NG NAGDAANG BAGYONG DANTE AT EMONG.**

**SAPAGKA'T,** ang lakas ng ulan at hangin na nagdulot ng paglaki ng tubig at paglubog nang may 50 bahagdang bahagi ng Barangay San Pablo Norte, ang naging dahilan upang magdeklara ang nabanggit na barangay na nasa estado ng kalamidad;

**SAPAGKA'T,** katibayan ng pagsang-ayon ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte ay ang Kapasiyahan Blg. 20-T2009, na naglalaman ng dagliang paglalabas ng pondong galing sa kalamidad upang makabili ng mga kagamitang magsisilbing tulay at daanan ng mga apektado;

**SAPAGKA'T,** kasunod ng pagtalakay at pagsusuri ng Sangguniang Bayan sa naging kalagayan ng barangay, kinailangan ang mga katibayan mula sa kaukulang Tanggapan ng Pagsasaka at Kagalingang Panlipunan;

**SAPAGKA'T,** ayon sa isinagawang pag-uulat at kaukulang sarbey ng Municipal Disaster Coordinating Council, sa pangunguna ni Gng. Lucilie M. de Leon, Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, lumabas na ang malubhang sitwasyong nagdulot ng malabis na pag-ulan, pagbaha at pagtaas ng tubig ay naging malaking epekto sa mga mag-aaral, mangangalakal at mga residente at maaari ring magdulot ng pagkakasakit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya, (Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Ideklarang nasa estado ng kalamidad ang Barangay San Pablo Norte, Santa Cruz, Laguna dahilan sa hagupit ng hangin at ulang dulot ng nagdaang Bagyong Dante at Emong.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, at Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan